Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG SETYEMBRE 16, 2016 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | Konsehal |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. German S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | -do- |
| Kgg. Tulay M. Caring | - | IPs Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Edezer F. Aceron | - | Konsehal - **Leave** |
| Kgg. Enrico C. Villas | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy |

x-------------------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 16-09-102

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAGYAO NI G. WILFREDO B. ALEJANDRO, DATING KAGAWAD NG BARANGAY POBLACION**

**SAPAGKAT,** si G. Wilfredo Alejandro, dating Barangay Kagawad ng Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro ay sumakabilang buhay na sanhi ng malubhang sakit;

**SAPAGKAT,** si Kagawad Alejandro ay nagsilbi bilang Kagawad ng Barangay Poblacion ng mahabang panahon na kung saan matagumpay niyang naisakatuparan ang maraming programang pangkaunlaran na nagbigay ng matiwasay, tahimik at mapayapang buhay sa taga-Poblacion;

**SAPAGKAT,** *bilang asawa at ama ay hindi matatawaran ang kanyang* pagsisikap na maitaguyod ang kanyang pamilya sa isang marangal na pamamaraan na nagbunga ng mga responsableng anak na naging katuwang niya sa maayos na pagpapamilya at naging produktibong mamamayan ng lipunan na kanilang kinabibilangan;

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay nagdulot ng isang masakit na dagok at masidhing pighati at kalungkutan sa kanyang pamilya, kamag-anak at kaibigan subalit, maligaya na ring malaman na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng ating Poong Maykapal; kung kaya't dahil dito....

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA, Na:** Magpahayag ng taus pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa pagyao ni G. Wilfredo B. Alejandro, dating Kagawad ng Barangay Poblacion;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Dexter R. Gonzales na pinangalawahan ng lahat, ang kapasyahang ito ay..

**PINAGTIBAY:** Setyembre16, 2016. Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

| | |
|---|---|
| **KGG. DEXTER R. GONZALES**<br>Konsehal | **KGG. DENNES M. FANER**<br>Konsehal |
| **KGG. GERMAN S. ACOSTA**<br>Konsehal | **KGG. GUILLERMO G. SALAS,JR.**<br>Konsehal |
| **KGG. ELPIDIO M. CONTRERAS, JR.**<br>Konsehal | **KGG. EDWIN C. ACERON**<br>Konsehal |
| **KGG. TERESITA S. BANTUGAN**<br>Konsehal | **KGG. TULAY M. CARING**<br>IPs Representative |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa: 09-27-2016

Scanned with CamScanner